



Ika-85 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Marso 27, 2026
Wikang Hapon: <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>
Wikang Hapon na madaling maintindihan: <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Pagsali sa Kawasaki City Mayor's Cup Boccia Tournament

Noong Enero 17 (Sabado), ginanap ang ika-4 na Kawasaki City Mayor's Cup Boccia Tournament sa Cultz Kawasaki Sports Center. Sa dami ng nag-apply, napili sa raffle ang Team "OFZ" ng mga Kinatawan upang lumahok sa torneo.

Noong umaga ng araw na iyon, ginanap ang mga laro sa "Competition Division," kung saan napanood namin ang kapana-panabik na mga laban ng mga propesyonal. Ang mga laro ng mga propesyonal ay mas matindi kaysa sa inaasahan namin, at humanga kami sa kanilang mataas na antas ng kasanayan at konsentrasyon.

Naranasan din namin ang Online Boccia, kung saan maaaring sumali sa laro gamit ang remote-controlled arm.

Nagsimula ang mga laro ng "Recreation Division" noong hapon. Sa "Recreation Division," apat na team ang naglalaban sa isang court sa round-robin format, at ang team na may pinakamataas na kabuuang puntos ay susulong sa final tournament.



Larawan ng online Boccia



Dahil unang pagkakataon ng lahat ng miyembro ng Team "OFZ" na sumali, natalo kami sa unang laro dahil sa kaba. Gayunpaman, pinag-isipan muli namin ang aming estratehiya at nagawa naming manalo sa ikalawa at ikatlong laro. Napakataas ng antas ng lahat ng team, at nagpatuloy ang mga mainit na labanan. Sa kasamaang-palad, hindi namin naabot ang sapat na kabuuang puntos, kaya hindi kami nakapasok sa final tournament.

Sa pagtapos ng paligsahan, nagkaroon ng raffle para sa mga kalahok, at napili kami sa pangwakas na premyo na "Prayoridad na Pagpasok sa Ika-5 Boccia Tournament"! Nang sabihin naming "Magandang regalo ito para sa mga nakababatang miyembro," napuno ng ngiti ang buong lugar.

Kahit unang pagkakataon naming sumali, naramdaman namin na maging matatanda, bata, pamilya, at taong may kapansanan, ito ay isang paligsahan kung saan ang lahat ay maaaring magsaya nang magkakasama. Umaasa kami na maraming tao ang sasali sa susunod na taon.



Si Mayor Fukuda ay personal pumunta sa venue at nagbigay ng mainit na suporta.

Zhang Yao

Mga Proposal ng ika-15 Termino ng Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Kawasaki

Sa Pagpupulong ng Kinatawan, ang mga resulta ng dalawang taon ng pag-aaral at talakayan, na naglalaman ng mga bagay ng itinuturing na mahalagang isyu, ay ipinapasa bilang mga “proposal” sa Lungsod ng Kawasaki. Sa pagkakataong ito, kaming mga kinatawan ng ika-15 termino ay bumuo ng sumusunod na mga proposal. Sa Abril, planong iulat sa mayor ang mga proposal kasabay ang taunang ulat.

1. Magbigay ng madaling maunawaang impormasyon tungkol sa sistema ng edukasyon sa Japan, upang ang mga dayuhang mamamayan ay makapagpalaki ng mga anak at maipagpaaral nang walang pangamba.

Gamitin ang leaflet tungkol sa sistema ng edukasyon sa Japan na inihanda ng mga Kinatawan para sa mga dayuhang mamamayang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki.



2. Isulong ang pagbuo ng sistema para sa multikulturalismo at suporta sa mga dayuhan sa mga evacuation center sa panahon ng sakuna. 【Karagdagang opinyon at muling pagpropose sa proposal ng taong 2017】

1. Gamitin ang leaflet tungkol sa pag-iwas sa sakuna at paghahanda sa kalamidad na inihanda ng mga Kinatawan para sa mga dayuhang mamamayan.
2. I-update sa pinakabagong bersyon ang multilingual na kagamitan na ginawa ng Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR), na kasalukuyang nakasama sa manwal ng pamamahala ng evacuation center na isinaalang-alang ang mga lindol na nangangailangan ng matagalang paglikas.
3. Isama sa manwal ng pamamahala ng evacuation center para sa mga baha at bagyo ang mga materyales tungkol sa suporta sa mga dayuhang mamamayan, batay sa multilingual na kagamitan ginawa ng CLAIR.
4. Magsagawa ng training tungkol sa suporta sa mga dayuhan para sa mga kawani ng lungsod na kasali sa pamamahala ng evacuation center.



Para sa detalye, tingnan ang “Taunang Ulat ng Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Kawasaki <2026>”. Ang taunang ulat ay ipinamamahagi sa lugar ng pagpupulong, at maaari ring basahin sa mga ward office, citizen hall, library, at iba pang lugar. Maaari rin itong i-download mula sa homepage ng lungsod.



Homepage ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pagbalik-tanaw sa Pagpupulong ng mga Kinatawan

Mula Marso 2026, natapos ang pamamahala ng ika-15 na termino ng mga Kinatawan ng Dayuhan. Aming ipakikilala ang mga impresyon ng mga Kinatawan ng ika-15 termino.

出会い、イベント、
体験、勉強たくさん
の2年間でした。
川崎市、この機会に
感謝します。

Спасибо!

副委員長として、生活
実態を議論し、提言が
施策に繋がる姿に深
く感動しています。よ
ろしくお願いします。
Best regards, Sucheta

部会として良いアウ
トプットができそう
で安心しています。
ありがとうございます。
ガブリエラ

2年間大変お世話にな
りました。多様な背景
を持つ方々の意見に
触れ、大変勉強になり
ました。張遥

私の第2のふるさと
の川崎。これからも宜
しく願います。
ブーホンアン

多文化交流で学び深
め、人の思いやりの
大切さを実感
機会を得ることがで
きました。
ボカレル ナラヤン

2年間、外国人市民
代表として活動し、
多くの学びと貴重な
経験を得ることがで
きました。李詞

川崎への情熱を持つ
素晴らしい人々と、
2年にわたり意見交
換ができたことに感
謝します。Obrigada

Fatima Kamata

部会長2年と急遽
委員長で計4年。厳し
い面もありましたが
皆様の支えに感謝い
たします。チャレン

多くの挑戦を乗り越
えて前に進めました。
2年間ありがとうございました。
ギーズェック
フロリアン

川崎市に感謝。この2
年、微力ながら貢献を
しました。素敵な街を
16期の皆様でより良
く。スシ チン グアン

川崎での出会いと
活動に感謝！これか
らこの街が大好き
です。鄭

外国人の視点で生活
の不便さに向き合っ
た2年間取り組みが
必要な人に届くこと
を願います。朴慧珍

自分が暮らす川崎と、
外国人の視点から関
わることができ、貴重
な経験でした。多謝！
楊子宜

川崎が今後より一層
暮らしやすい町にな
ることを願っていま
す。古谷史子

代表者会議に参加し
た経験は私の人生の
財産です。この経験を
糧に、多文化共生を考
え続けたいです。

金寿瑛

外国人のコミュニテ
ィーのために尽力し
てくださって川崎市
に感謝します。
ボソミゲル



第15期

あっという間すぎま
した！かけがえのな
い経験でした！皆さ
んの力は素晴らしい
です！！本当にあり
がとう！！ James

2年間はあっという
間に終わりますが、
川崎市のためにもっ
と頑張っていきたい
気持ちは終わらせ
ません。 単望舒

Pagbati Mula sa Tagapangulo

Una sa lahat, taos-pusong nagpapasalamat kami sa mga nagpakita ng interes sa pagpulong at sumali bilang mga tagamasid, gayundin sa secretariat at sa lahat ng mga taong nagbigay ng suporta sa pagpulong.

Kami, ang mga kinatawan ng ika-15 termino ng Pagpupulong ng mga Kinatawan, ay bumisita sa "Fureai-kan", "Kawasaki Ukiyo-e Gallery", at "Tokaido Kawasaki-juku Koryu-kan" para sa layunin ng pag-aaral, at nagkaroon ng pagkakataon na makilala ang iba't ibang kultura at pananaw. Sa bawat pagkakataon ng pag-aaral, taos-puso kaming nagpapasalamat sa mainit na suporta ng Lungsod ng Kawasaki at sa kanilang taimtim na dedikasyon sa multikulturalismo at pagsasama-sama.

Noong 2024, bilang pagdiriwang ng ika-100 anibersaryo ng lungsod, isang "Reunion ng Pagpupulong ng mga Dayuhang Mamamayan na Kinatawan" ang ginanap, at nagkaroon kami ng mahalagang pagkakataon na makipag-usap sa mga dating kinatawan mula sa nakaraang mga termino, at natuto kami tungkol sa kasaysayan at mga kaisipan sa likod ng mga aktibidad. Umaasa kaming patuloy na mapanatili ang koneksyon sa mga kasamahang nagbabahagi ng parehong layunin, anuman ang henerasyon o nasyonalidad.

Bukod dito, sa ilalim ng tema na "Global × Sports" ng "Color, Future! Action", muling nakipag-ugnayan kami sa mga miyembro ng American football team na Fujitsu Frontiers, tulad ng ginawa namin noong nakaraang taon, at naramdaman namin kung paano napaunlad ang pag-unawa sa pagitan ng mga mamamayan mula sa iba't ibang kultura sa pamamagitan ng sports at mga ibento.


Sa mga gawain sa publisidad at mga ibento, ang mga kinatawan ay nag-isip ng mga quiz tungkol sa kanilang sariling bansa at tungkol sa Lungsod ng Kawasaki, at nagsikap na itaguyod ang pagsasama at pagkakaunawaan, gayundin ang pagpapakilala ng aming mga aktibidad at Open Forum.

Bukod dito, ang talakayan at pagbuo ng mga proposal ay hindi madaling gawain, ngunit ang proseso ng pagsagawa ng Open Forum upang makalikom ng malawak na opinyon mula sa mga kalahok, pagkuha ng payo mula sa mga mamamayan at mga eksperto, at paghubog ng magagandang mungkahi ay naging napakahalagang karanasan para sa amin. Muling napagtanto namin kung gaano kahalaga ang paglikha ng isang lugar kung saan ang iba't ibang opinyon ay pinahahalagahan at iginagalang.

Umaasa kaming patuloy na tanggapin ng Lungsod ng Kawasaki ang iba't ibang kultura bilang natatanging katangian nito, at maging isang mas kaakit-akit at mabuting lugar na tirahan, at taos-puso kaming umaasang ang pagpupulong na ito ay magpapatuloy bilang isang makabuluhang aktibidad para sa maraming tao.

Nagagalak kaming matagumpay na natapos ang ika-15 termino, at taos-pusong nagpapasalamat sa lahat ng nagbigay ng kanilang tulong at kooperasyon.

Ito Yurika Karen, Tagapangulo ng ika-15 Termino



Nais mo bang makinig sa Meeting?

—Iskedyul ng unang pagpulong ng ika-16 na Termino—

Araw at Oras: Abril 19, 2026 (Linggo) mula 2pm hanggang 5pm

Lugar: Kawasaki City Hall, Main Government Building, 2nd Floor Hall (Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku Kawasaki City)

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sino. Halina't makibahagi sa pagpupulong!

Para sa tanong

Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

